

Editoryal

Pananaig ng Tama sa Mali

*Sa isyung ito ng **Ang Bayan**, inilalaan namin ang ispasyo ng editoryal sa bahagyang pinaikling talumpati ni Kasamang Agdon Bagtas, ang puno ng delegasyon ng Partido sa Unang Pambansang Kumperensya ng NDF.*

Mga kasama, binubuksan natin sa araw na ito ang Unang Pambansang Kumperensya ng National Democratic Front.

Nakatipon para sa okasyong ito ang mga kinatawan ng 14 rebolusyonaryong organisasyon ng mga saligang pwersa ng reb olusyong Pilipino. Ang mga organisasyong ito ang pinakamahalagang bunga ng magiting na pagpupunyagi ng mga manggagawa, magsasaka, kabataang estudyante, iba't ibang propesyunal, kababaihan at mga minoryang nasyunalidad sa digmang bayan sa nakaraang mahigit 25 taon.

Ang pakikibaka, pagsisikap at sakripisyo ng mga lider at kasapi ng mga organisasyong ito ang nagsulong ng rebolusyon mula sa halos wala tungo sa kasalukuyang katayuan bilang isang malakas at panday na pwersang pambansa ang saklaw, nagtatamasa ng suporta ng milyun-milyong mamamayan sa nayon at lunsod, nangunguna sa mga pakikibakang bayang armado at di-armado at kinikilala ng mga pwersang rebolusyonaryo at anti-imperyalista sa buong daigdig. Kung hindi iniligaw ng mga seryosong paglihis na militarista at insureksyunista at malulubhang pagkukulang mula bandang katapusan ng dekadang 1970 at laluna mula 1985, sana'y ibayo pang mas malakas ang kilusang pambansa-demokratiko.

Gayunman, bunga ng puspusang kilusang pagwawasto at matatag na pakikitunggali sa oportunismo at todong kampanyang likidasyunista mula 1992, ibayong napanday at napatatag ang mga rebolusyonaryong organisasyon. Higit kailanman sa nakaraan, ang ating kilusan ay mahigpit na binibigkis ng matatag na pananalig sa masang Pilipino, sa pamumuno ng rebolusyonaryong proletaryado at sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan.

Mataas na nakawagayway ang pulang bandila ng rebolusyon sa harap ng baha ng anti-komunistang propaganda ng malaking burgesyang internasyunal at lokal at hangin ng kapitulasyunismo at kolaborasyunismo na pinapaypayan ng mga dating militarista at dating insureksyunistang ngayo'y mga lantad na ahente ng kontrarebolusyon at repormismo.

Gaya ng lahat ng oportunista bago nila, walang kahihiyang ipinapataw nina Reyes, Tabara, Lagman at Kintanar ang sarili nilang tatak ng oportunismo at pagkabulok sa masa. Kasaliw ng AFP, ipinalalaganap nila ang kasinungalingan na hapo at pagod na ang masa sa paglulunsad ng digmang bayan at rebolusyon.

Pinatutunayan ng ating karanasan sa kilusang pagwawasto, pagpapanibagong-lakas at pagpupursigi sa pakikidigmang gerilya na ang masang anakpawis ay masidhing nangangailangan at naghahangad ng rebolusyon. Ang napakalalang krisis ng sistemang malakolonyal at malapudal ay walang tigil na nagtutulak sa masa ng sambayanan na tumutol, lumaban at humawak ng armas upang makahulagpos sa labis na karalitaan at kaapihan.

Sa kabila ng pagbubunyi ng imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryo sa pagguho ng mga rebisyunistang rehimen sa Unyong Sobyet at Silangang europa, sa kabila ng sigeng pagtatambol ng Malakanyang sa pangakong kasaganaan pagdating ng taong 2000, at sa kabila ng mga pesimista at kapitulasyunistang satsat ng mga Reyes, Tabara, Lagman at Kintanar – ang mga pundamental na kontradiksyon ng lipunang malakolonyal at malapyudal ay sige ang pagtindi. Napakalala ng sosyo-ekonomikong krisis at napakainam ng kalagayan para sa pagrerebolusyon.

Ang mga organisasyong pambansang demokratiko na nagpupunyagi sa paninindigan sa mga rebolusyonaryong prinsipyo, pagwawasto sa malulubhang paglihis at pagkakamali, pagtatakwil sa oportunismong "kaliwa" at kanan, at pagpapanibagong-lakas sa pamamagitan ng pag-ugat nang higit pang malalim sa malawak na masa – ang tunay na nakauunawa at tumutugon sa pinakakaibuturang hinahangad ng sambayanan para sa pundamental na pagbabago. Sa iba't ibang dako ng kapuluan, buong sigasig na sinasalubong at sinusuportahan ng pinakamulat at pinakamahusay na mga elemento ng mga uring pinagsasamantalahan ang kilusang pagwawasto at ang pagpapanibagong-lakas sa rebolusyonaryong pakikidigmang gerilya.

Alam din ito ng rehimen US-Ramos. Kaya sa kabila ng paulit-ulit na mga anunsyo nila ng nalalapit na pagkawasak ng rebolusyon, hindi sila nagluubay sa pagbubuhos ng pondo at tauhan sa mga malakihang kampanyang militar at sikolohikal laban sa kilusang pambansang demokratiko. Isang malinaw na indikasyon ang pagtatalaga ng bagong embahador ng US na isang ahente ng Defense Intelligence Agency, beterano ng Operation Phoenix sa Vietnam, superbisor ng panghahati sa mga Sandinista at pagbubuo ng Contras sa Nicaragua, at kilalang tagapagtaguyod ng taktika ng panghahati sa rebolusyonaryong kilusan mula sa loob.

Pambansang Kumperensya

Ang Unang Pambansang Kumperensya ng NDF ay mahalagang hakbang sa konsolidasyon at higit pang pagpapalawak ng mga pwersang pambansang demokratiko. Importanteng hakbang din ito upang puspusang maitakwil ang kolaborasyunista, kapitulasyunista at repormistang linya ng mga oportunistang taksil.

Ang gawaing nagkakaisang prente at ang pagbubuo ng NDF ay malubhang naimpluwensyahan at sinabotahe ng mga seryosong paglihis at pagkakamali noong dekadang 1980. Lumaganap at lumala nang lumala ang tendensyang bitiwang ang mga saligang prinsipyo, isakripisyo ang kapakanan ng mga saligang rebolusyonaryong pwersa, yumukod sa populismo at "unibersalismong" burges

at bumuntot sa mga alyadong hindi maaasahan – dala ng maling akala na pwedeng pabilisin sa gayon ang pagpasok ng mga panggitnang uri at mga seksyon ng naghaharing uri sa pormal na nagkakaisang prente.

Pagdating ng 1990, pagkatapos mabigong pangibabawin ang kanilang linyang insureksyunista at populista sa loob ng istruktura at mga proseso ng Partido, ang mga pinakamasahol na kanang oportunista sa pamumuno ni Ricardo Reyes at Frank Gonzales ay pailalim na nagmaniobra at ipinuslit ang diumano'y "kongreso" ng NDF noong 1990. Ang layunin ay kontrolin ang NDF, pormal na pamayanihin dito ang kanilang oportunistang linya, ibangga ang NDF sa Partido at sa gayo'y guluhin at sirain ang rebolusyonaryong kilusan.

Ang mga maniobrang ito ay hinandlangan at binigo ng Partido, bagay na sinuportahan ng mga alyadong organisasyon at ng lehitimong pamunuan ng NDF. Mula 1992, kaakibat ng puspulang kilusang pagwawasto, ang mga paglihis sa linya sa uri at sa mga prinsipyo ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente ay masaklaw at malalim na tinukoy, pinuna at itinakwil ng Partido. Nilinaw din sa buong Partido at kilusang pambansang demokratiko ang mga pundamental na pagtutol ng Partido sa oportunistang linya at mga desisyon ng puslit at iligal na "kongreso" ng 1990.

Ang iba pang organisasyong pambansang demokratiko ay dumaan sa sarili nilang pag-aaral, pagtatalo at pagbubuo ng paninindigan sa mga pundamental na usaping nilutas ng kilusang pagwawasto. Sa kabila ng maigting na tunggalian sa ilang bahaging nakontrol o malakas na naimpluwensyahan ng mga intriga at pananabotahe ng mga oportunistang taksil, ang mga organisasyong pambansang demokratiko ay matatag na nagkaisa sa pagtataguyod sa mga saligang prinsipyo ng rebolusyon at pagtatakwil sa malulubhang kanan at "kaliwang" oportunistang kamalian at paglihis.

Ang isang lehitimong pambansang kumperensya ng NDF upang ituwid ang mga nakaraang paglihis at mga kabaluktutang dala ng puslit na "kongreso" ng 1990 ay matagal nang kinakailangan. Sinikap ng mga pinuno ng NDF na nasa mabuting katayuan at ng Partido na maganap ito sa pinakamaagang makakaya. Mula pa 1992 ay binalangkas na ang mga bagon burador ng programa at konstitusyon ng NDF.

Kung ang diumanong kongreso ng 1990 ay tinangkang ipuslit batay sa laganap na disoryentasyon at kalituhan sa mga saligang usapin sa prinsipyo at sa pamamagitan ng pagsasabwatan at pangangamkam ng awtoridad ng mga pasimuno niyon, ang kasalukuyang kumperensya ay nakatindig sa matalas na pag-iiba at pagtutunggalian ng tama at mali, ng rebolusyon at oportunismo, at sa mga debate, pag-aaral at pagbabalik-aral na sumaklaw sa buong kilusan at nag-obliga sa buu-buong mga organisasyon na magtimbang at pumanig sa mga usaping buhay-at-kamatayan para sa rebolusyonaryong kilusan.

Mga kasama, kami sa delegasyon ng Partido ay buo ang tiwala na magiging matagumpay ang Unang Pambansang Kumperensya ng NDF. Malaki ang mga hamon at kahirapang hinaharap natin sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Pero pinatunayan ng 25 taong karanasan ang kakayan nating umigpaw mula sa malalaking limitasyon at kahirapan – basta't malinaw at

mahigpit ang sapol natin sa mga rebolusyonaryong prinsipyo at masikhay tayong umuugat sa malawak na masa, laluna ng magsasaka at manggagawa. **–AB**

Kumperensya ng Pagwawasto

Ika-7 ng Agosto 1892. Itinatag ni Andres Bonifacio ang Katipunan na siyang naging salalayan ng masidhing mithiin ng mamamayang Pilipino na lumaya mula sa dantaong pananakop ng kolonyalistang Kastila. Pinangunahan ng Katipunan ang unang pambansang demokratikong rebolusyon sa Pilipinas.

Ika-7 ng Agosto 1994. Sa anibersaryo ng pagkakabuo ng Katipunan, isa ring makasaysayang tagpo ang ginanap: ang Unang Pambansang Kumperensya ng NDF (National Democratic Front).

Sadyang itinaon ang Kumperensya sa anibersaryo ng Katipunan bilang pagkilala na ang kasalukuyang rebolusyon ay pagpapatuloy ng makasaysayan at di napapatid na pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Gayunman, nabigo ang naunang demokratikong rebolusyon dahil burges liberal na ideolohiya ang gumabay dito at naagaw ng mga mabuway na ilustrado ang pamumuno sa rebolusyon. Ang bagong pakikibakang inilulunsad ng NDF ay matatag na pinamumunuan ng proletaryado, ginagabayan ng ideolohiyang proletaryo, at susulong tungo sa sosyalistang rebolusyon.

Nilahukan ang Kumperensya ng mahigit 30 delegado mula sa 14 na myembrong organisasyon ng NDF, Partido Komunista ng Pilipinas (PKP-MLKMZ); Bagong Hukbong Bayan (BHB); Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS); Christians for National Liberation (Mga Kristiyano para sa Pambansang Pagpapalaya – CNL); Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA); Cordillera People's Democratic Front (Demokratikong Prente ng Mamamayang Kordilyera – CPDF); Kabataang Makabayan (KM); Katipunan ng mga Samahang Manggagawa (KASAMA); Liga ng Agham para sa Bayan (LAB); Makabayang Kawaning Pilipino (MKP) – isang bagong organisasyong masa ng mga empleyado ng guberno; Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA); Makabayang Samahang Pangkalusugan (MASAPA), Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM); at Revolutionary Council of Trade Unions (Rebolusyonaryong Konseho ng Kilusang Unyon – RCTU).

Dahil sa matitinding operasyong militar sa kanilang erya, hindi nakapagpadala ng delegasyon ang Moro Revolutionary Organization (MRO at Revolutionary Organization of Lumads).

Matagumpay na nailunsad ang Kumperensya sa loob ng isang sonang gerilya sa kabila ng patuloy na kilos ng kaaway sa paligid baryo nito. Masigla ang mga talakayan at palitan ng opinyon, at sinikap na resolbahin ang lahat ng mahahalagang usapin sa pamamagitan ng konsensus.

Ipinasa ng Kumperensya ang mga burador na Programa at Saligang Batas ng NDF. Inaprubahan din ang isang pangkalahatang resolusyon na nagpapawalambisa sa "kongreso" ng 1990, mga resolusyon tungkol sa mga oportunistang taksil at sa usapang pangkapayapaan; at ang komunike na nag-aanunsyo sa ginanap na pagtitipon. Binuo ang Pambansang Konseho ng

NDF at ihinalal nito ang Pambansang Komiteng Tagapagpaganap. Nahala na Tagapangulo si Mariano Orosa at Pangkalahatang Kalihim si Ernesto Dipasupil. Bilang pagkilala sa kanyang mahahalagang kontribusyon sa NDF, hinirang si Manuel Romero bilang Tagapangulong Pandangal.

Ayon sa katangiang konsenswal, konsultatibo at kumperensyal ng NDF, ang lahat ng mga dokumento at desisyong iniluwal ng Kumperensya ay muling papasadahan ng bawat alyadong organisasyon bago ito ituring na ratipikado.

Rurok ng Oportunismo

Di matatawaran ang kahalagahan ng kagaganap na Kumperensya ng NDF. Ang Kumperensya ang tanda ng pananagumpay ng rebolusyonaryong alyansa laban sa mga impostor at mananabotaheng nagtangkang gamitin ang NDF para sa kanilang mga kontra-rebolusyonaryong pakana. Tagumpay rin ito ng mga magkaalyadong organisasyon laban sa kanilang sariling mga kahinaan at pagkakamali sa nakaraan. Hudyat ang Kumperensya ng isang mataas-taas na antas ng konsolidasyon sa gawaing pakikipag-isang prente ng rebolusyon. Mas tumingkad ang lawak at lalim ng pagwawastong naipagwagi sa Kumperensya matapos ganapin ang diumanong “kongreso” ng NDF noong Hulyo 1990.

Ayon sa paliwanag ng delegasyon ng Partido, ang pagdaraos ng nasabing “kongreso” ay nakapaloob sa isang insureksyunistang pakana na pinangunahan nina Ricardo Reyes at Frank Gonzales. Sa panahong iyon, kapwa silang mga responsableng kadreng nakatalaga sa Pambansang Komisyon sa Nagkakaisang Prente ng Partido.

Sa pag-aakala nilang may magaganap na kudeta noong Abril 1990, minaniobra nina Reyes at Gonzales ang pagtatatag ng pormal na organisasyon ng NDF upang magsilbing kumand ng insureksyong pasisiklabin nila oras na pumutok ang kudeta. Ayon sa kanilang disenyo, ang NDF ang siyang lilitaw na sentrong organisasyon na mamumuno at kukumpas sa insureksyon.

Malalim ang pinag-ugatan ng insureksyunistang pakana nina Reyes at Gonzales. Sila’y bahagi na ng isang diumano’y *reform bloc* na lihim na binuo sa loob ng Partido noon pang 1988. ang naturang *reform bloc* ay may sariling adyenda, patakaran at pagsusuri na sadyang ibinangga sa mga prinsipyo, patakaran at programa ng Partido.

Sistematikong ipinakalat ng *reform bloc* ang mga populista at burges liberal na konsepto na lubhang nakaimpluwensya sa NDF at sa gawaing alyansa. Ang mga konseptong ito ang siyang nagsilbing pampulitikang suhay sa insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar na nagbunga naman ng malalaking pinsala sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Ang mga maniobra at pakana na *reform bloc* ay ikinonsentra sa NDF na tinangka nilang kontrolin at gamiting behikulo sa pagpapalaganap ng kanilang oportunistang linya. Ang iligal na “kongreso” ng 1990 ang pinakarurok ng pagmamaniobra nila upang agawin sa Partido ang pamumuno sa rebolusyon at mapamayani ang kanilang oportunismo sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Ang mga mayor na dokumento ng “kongreso”, laluna ang Programa at Saligang Batas, ay naglalaman ng mga konseptong tahasang bumabangga sa mga saligang prinsipyo ng rebolusyon at ng gawain sa nagkakaisang prente.

Paglabag sa Proseso

Matapos ang “kongreso” ng 1990, nagkaroon ng mainit na tunggalian sa loob ng Partido at ng iba pang alyadong organisasyon hinggil sa binalangkas na Saligang Batas ng NDF.

Ayon sa Saligang Batas na ito, ang NDF ay tatayo bilang isang pederasyon. Sa konsepto ng pederasyon, hindi maaaring gumawa ng mahahalagang desisyon nang hindi inaaprubahan ng pamunuan ng bawat kasaping organisasyon. Hindi maaaring resolbahin ang mga nakasalang na usapin sa pamamagitan lamang ng korum. Samantala, pinayagan din ang pagpasok ng mga indibidwal na binigyan ng karapatang bumoto nang kapantay ng mga myembrong organisasyon. Sa naging praktika pagkaraan ng “kongreso” mismong ang konsepto ng “pederasyon” ay nilabag ng mga namumunong paksyunalista. Maraming usapin na ang katumbas ay buhay-at-kamatayan sa rebolusyon ang pinagpasyahan nang sadyang hindi ipinaalam sa sentro ng Partido, na siyang pinakamayor na organisasyon sa loob ng NDF.

Kabilang na sa mga itinulak ng pangkat nina Reyes at Gonzales ang “Medium-Term People’s Agenda”. Ito’y isang panukalang nagkompromiso sa mga rebolusyonaryong prinsipyong dapat na panindigan ng NDF.

Ayon sa populista at insureksyunistang disensyo nina Reyes, ang NDF sampu ng mga pormasyong may samu’t saring oryentasyong pampulitika, kasama ang mga ligal na organisasyon, at pati ang mga paksyon sa loob ng AFP, ay bubuo ng isang malawak na layansang maggigiit sa “people’s agenda”. Ang di pagtugon ng reaksiyunaryong gubyrno sa adyendang ito ay siyang magsisilbing “mitsa” para sa pagsiklab ng insureksyon.

Binuo nina Reyes ang “people’s agenda” sa ngalan ng NDF nang walang konsultasyon sa Partido at iba pang alyadong organisasyon. Arbitraryong “ikinomit din nina Reyes at Gonzales ang NDF na pumaloob sa malawak na koalisyon.

Itinaon ang paglalabas ng “people’s agenda” sa paglulunsad ng isang welgang bayan laban sa pagtaas ng presyo ng langis noong Agosto 1990. Ilingid sa kaalaman ng mga organisador nito, iniatas nina Reyes ang pambobomba ng mga istrategikong gusali at imprastruktura at panununog ng mga bus upang lumikha ng sitwasyong insureksyunaryo.

Nang magpaabot ng puna ang Partido hinggil sa “people’s agenda”, at sa naging kondukta ng welga, ipinagtanggol ni Gonzales ang diumano’y hiwalay na *dynamics* ng NDF at ang karapatan at kalayaan nitong gumawa ng mga desisyon sa kabila ng pagtutol ng Partido.

Sa isa namang pagkakataon, naglabas si Gonzales ng isang memo hinggil sa mga “sona ng kapayapaan” at ipinamahagi ito sa mga myembrong organisasyon ng NDF – isang kilos na nagpapahiwatig ng relasyong nakatataas-nakabababa ng diumanong pantay-pantay na relasyon ng mga myembrong organisasyon. Sa

ganitong paraan, hindi lang kalayaan at inisyatiba ng Partido ang sinagasaan nina Reyes at Gonzales, kundi pati ang integridad ng iba pang kaanib ng NDF. Sa praktika, naging unitaryo ang pagpapatakbo sa diumanong “pederasyon” ng NDF. Hindi konsensus kundi bulgar na bersyon ng demokratikong sentralismo ang umiral na prinsipyong pang-organisasyon. Sa kamay ng mga paksyunalista, makailang ulit na ginamit ang ganitong mga paglabag sa proseso upang ibangga sa Partido ang NDF bilang isang hiwalay na “sentrong pampulitika” at tuluyang malihis ang rebolusyon sa wastong landas.

Paglabag sa Prinsipyo

Walang ibang layunin ang ganitong mga paglabag sa proseso kundi ang pagpapadulas ng pagpopormalisa ng maling linya sa loob ng NDF. Ang Programang 1990 ang siyang naging bantayog ng lansakang mga paglabag sa mga batayang prinsipyo ng rebolusyon.

Pinakasaligan at pangunahing paglabag sa prinsipyo ang pagbitiw sa namumunong papel ng uring manggagawa sa pamamagitan ng Partido nito sa rebolusyong Pilipino. Maging ang pangunahing papel ng Partido sa kasaysayan sa pagtatatag ng at pamumuno sa rebolusyonaryong alyansa ay binura ng mga oportunista.

Kasabay ng pagpawi sa namumunong papel ng proletaryado sa rebolusyon, nawalan ng puwang sa programa ang dalawang-yugtong katangian ng rebolusyong Pilipino. Binitiwang kagyat na pagtungo sa sosyalistang rebolusyon pagkatapos ng pambansa-demokratikong pakikibaka at nagiging pabalat-bunga lamang ang panaka-nakang pagbanggit sa “sosyalistang perspektiba”.

Malinaw itong nasasalamatin sa uri ng ekonomya, lipunan at pamahalaang nakasaad sa programa ng 1990.

Ayon dito, paiiralin ang isang walang taning na *mixed economy* o ang tinagurian nitong “pambansang demokratikong ekonomya”. Sabay-sabay na iiral at malayang magtatagisan ang iba’t ibang sektor tulad ng kooperatiba, maliliit at panggitnang negosyo, mga empresa ng estado at iba pa.

Samantala, isang pluralistang sistemang pampulitika ang paiiralin. Dahil burado na ang talibang papel ng Partido, ituturing na lang itong isang karaniwang partido na makikipagtagisan kasama ng iba’t ibang grupo at partidong pampulitika sa larangang elektoral.

Mga populistang konsepto ng nagkakaisang prente ang pinagmumulan ng mga panukalang ito, na walang pagkilala sa realidad ng di-pantay na pusisyon ng mga uri sa lipunan. Ayon sa di-makauring pananaw na ito, itinaguyod ng programa ng 1990 ang “malayang kumpetisyon” sa pagitan ng mga diumano’y “pantay-pantay” na entidad.

Subalit hungkag ang sinasabing “malayang kumpetisyon”. Sa larangan ng ekonomya, ang tuluy-tuloy na “malayang kumpetisyon” ay magbubunga ng walang habas na paglawak ng pamilihan at ibayong paglakas ng pambansang burgesya. Walang mararanasang kaluwagan laluna ang masang manggagawa’t magbubukid. Mananatiling matingkad ang di pagkakapantay-pantay ng mga uri.

Sa larangan ng pulitika naman, hindi matitiyak na mahahawakan ng proletaryado at magsasaka ang susing pusisyon sa estado na kailangan upang mapangalagaan at maitayugyod ang makauring interes ng masang anakpawis. Ang totoo, ihinahain ng programa ng 1990 ang matatamis na bunga ng rebolusyonaryong tagumpay, hindi sa masang anakpawis kundi sa burgesya, na siyang mangingibabaw sa iiral na “pambansang demokratikong kaayusan”. Ang masang anakpawis ay nagmimistulang mga poon na lamang sa isang nagkakaisang prenteng itinayo para sa kapakanan ng pambansang burgesya at petiburgesya.

Ganito ang pagkakabalangkas ng Programa ng 1990 dahil sa pagkukumahog nina Reyes at Gonzales na makaakit ng dagdag na indibidwal at organisasyon mula sa ibang pwersang pampulitika para sa kanilang insureksyunistang pakana. Pero ang mas malalim na dahilan ng mga burges na panawagan para sa *mixed economy* at *pluralism* na ipinuslit nina Reyes at Gonzales sa Programa ng 1990 ay ang ipinagkamali nilang pagdilim ng kinabukasan ng sosyalismo sa pagbagsak ng mga rebisyunistang rehimen sa Silangang Europa.

Pagwawasto ng Kumperensya

Hindi madilim, bagkus ay maliwanag ang kinabukasan ng sosyalismo sa Pilipinas kung ang pagbabatayan ay ang nagkakaisang tindig ng mga delegado sa Kumperensya na itakwil at iwasto ang malubhang mga paglihis sa linya na ipinuslit nina Reyes at Gonzales sa NDF at sa gawaing nagkakaisang prente. Muling pinagtibay ang pagkilala sa pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng talibang Partido nito. Idineklara ang komitment sa kagyat na paglulunsad ng sosyalistang rebolusyon at pagtatatag ng diktadura ng proletaryado matapos maipagtagumpay ang pambansang demokratikong yugto ng pakikibaka. Iiral sa kagyat ang isang *mixed economy* subalit kasabay nito ay ilalatag na ang mga kundisyon para sa hakbang-hakbang na pagkalusaw ng pribadong sektor upang maitayo ang isang ganap na sosyalistang ekonomya. Sa simula pa lamang ay bibigyan na ng namumunong papel ang sektor publiko sa buong ekonomya.

Itatag sa kagyat ang demokratikong diktadura ng mamamayan (sa anyo ng demokratikong gubyernong koalisyon) na kabibilangan ng lahat ng demokratikong uri, kasama ang petiburgesya at pambansang burgesya. Ngunit hidni magiging pantay-pantay ang timbang ng kapangyarihan ng mga uri. Ang magsisilbing matibay na gulugod ng gubyerno ay ang batayang alyansa ng manggagawa at magsasaka, sa pamumuno ng uring manggagawa. Sa ganitong paraan, mas madulas na mahahawan ang landas para sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

Malaki ang maiaambag ng isang konsolidado at dinamikong nagkakaisang prente ng lahat ng positibong uri at pwersa sa lipunan sa pagpapatupad ng mga layunin ng rebolusyon. Sa ngayon, ang NDF ang tumatayong pinakakonsolidadong seksyon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente. Prinsipal na paraan sa pagpapalakas ng NDF ang pagpapalakas ng magkakaalyadong organisasyong nakapaloob dito. At susi sa pagpapalakas ng

mga alyadong organisasyon ang pagpapairal ng kalayaan at inisyatiba ng bawat isa.

Kaugnay nito, napagkaisahan din ng Kumperensya ang pnakamainam na porma ng organisasyon para sa lubos na pag-iral ng kalayaan at inisyatiba ay ang alyansa. At ang prinsipyong pang-organisasyong gagabay sa relasyon ng mga myembro ay ang prinsipyo ng konsultasyon, kooperasyon at konsensus. Ito ang magtitiyak sa pag-iral ng demokrasya sa loob ng alyansa, at magbibigay-daan sa kalayaan at inisyatiba ng magkakaalyadong organisasyon.

Buhay na halimbawa ng demokrasya ang naging kondukta ng Unang Pambansang Kumperensya ng NDF. Bunga nito'y mahigpit na napagbigkis ang pagkakaisa ng magkakaalyadong mga organisasyon at higit na napataas ang determinasyon nilang isulong ang mga gawain. Ito'y hudyat ng ibayong pagsigla at paglawak ng NDF at ng buong rebolusyonaryong kilusan. – **AB**

Paghihiwalay ng Tulyapis sa Palay

Pumula ang paligid ng Liwasang Bonifacio noong humugos ang libu-libong manggagawa noong Mayo 1 upang ipagdiwang ang dakilang Pandaigdigang Araw ng Manggagawa. Ang martsa-rali ay pinangunahan ng Koalisyon ng mga Progresibo at Makabayang Manggagawa (KPMM) na binubuo ng Kilusang Mayo Uno (KMU); Confederation for Unity, Recognition, and the Advancement of government Employees (COURAGE); at iba pang militante at makabayang organisasyon.

Ang nagmistulang karagatan ng mga pulang bandila na iwinawagayway ng mga ralista ay tinumbasan ng militanteng mga talumpati ng mga lider na bumatikos sa nti-manggagawa, anti-mamamayan, at pro-imperyalistang paninindigan at mga patakaran ng rehimeng US-Ramos at nananawagan para sa tunay na rebolusyonaryong pagbabago.

Samantala, sa Luneta Grandstand ay nagtipun-tipon ang mga datihan at bagong taksil sa uri at sa sambayanan. Dito iprinoklama ng mg akilalang aritokrata sa paggawa tulad nina Democrito Mendoza at Sen Ernesto Herrera ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) at mga huwad na lider tulad nina Romy Castillo ng Bukluran ng Manggagawa para sa Pagbabago (BMP) ng pangkating Popoy, Ernie Arellano at Bong Malonzo ng National Confederation of Labor of the Philippines (NCLP) at Felicisimo Carullo ng isang paksyon ng National Federation of Labor Unions (NAFLU) ang pagbubuo ng Caucus for Labor Unity (CLU). Pumirma sila sa isang tinaguriang “social pact for industrial peace (kasunduang panlipunan para sa kapayapaang industriyal).” kasama nila sa entablado para magbigay ng basbas sa panibagong kataksilan sa uring manggawa ang matataas na upisyal ng reaksyunaryong gubyerno. Habang nagpipirmahan ang mga luma at bagong dilawan ay abot-tainga-ang-ngiting pumapalampak si Sen Edgardo Angara, ang abugado de kampanilya ng mga korporasyong kumprador at imperyalista, si Sen Blas Ople, Kalihim sa Paggawa ng diktador na si Marcos, at si Nieves Confesor, ang kasalukuyang Kalihim sa Paggawa ng rehimeng US-Ramos.

Huwad, Dilawan, Maka-Kanan

Muling nalantad ang malaking awang sa loob ng kilusang manggagawa sa pagitan ng mga kontrarebolusyonaryo at taksil sa uring manggagawa sa isang banda, at ng mga rebolusyonaryo at tapat sa kapakanan ng mga anakpawis sa kabilang banda. Ang bago lamang ngayon ay ang walang kahihiyang pagsanib ng mga anti-Partidong orportunistang taksil sa mga dati nang subok na mga taksil sa uri. Pero katulad ng nakagawian na, ang oportunistang pangkating Popoy ay gumagamit ng baluktot na lohika at pilipit na teoretikal na pagsisirku-sirko upang mapagtakpan ang kanilang ganap na pagkabangkarote sa ideolohiya at pulitika.

Walang kakurap-kurap na inihalintulad ni romi castillo, ang tagatambol ni Popoy sa BMP, ang CLU sa Congress of Labor Organizations (CLO) – ang militanteng sentro sa paggawa noong dekada '40 na magiting na nagbandila ng progresibo at antiimperyalistang unyunismo. Tinawanan lang ng KMU ang ganitong pagyayayabang. Mas angkop, anang KMU, na ihalintulad ang CLU sa NACTU – ang sentro sa paggawa na nilikha ng reaksiyunaryong gubyernong Quirino matapos nitong brutal na supilin at buwagin ang militanteng CLO. Noong 1950-51, marahas na sinupil ang CLO ng papet na rehimen sa udyok ng imperyalismong US. Pinaghuhuli at pinaslang ang mga pangunahing lider at organisador nito. Pagkatapos ay tinipon ang mga oportunista at kolaborasyonistang huwad na lider obrero at itinayo ang NACTU noong 1951 upang magsilbing instrumento sa pagpapalaganap ng dilawang unyunismo, ekonomismo, ligalismo at repormismo sa loob ng kilusang manggagagawa. Ayon kay Castillo, ang kanilang modelo sa pagbubuo ng CLU ay ang Australian Council of Trade Unions (ACTU) na nagbibigkis sa mga pederasyong may samut-saringtunguhing pang-ideolohiya at pampulitika. Ngunit kung pagbabatayan ang isang ginawang pag-aaral sa rekord ng ACTU, ito'y hindi dapat tularan. Simula 1983 ang ACTU ay pumasok sa isang “social contract” na tinawag na “Prices and Incomes Accord” sa reaksiyunaryong gubyerno ng Australia. Makaraan ang sampung taon, napatunayan ang nasabing accord bilang isang mapaminsalang kalamidad para sa manggagawang Australyano. Habang ang sahod ay pinigilang tumaas, wala namang seryosong pagsisikap na pigilan ang pagtaas ng mga presyo ng bilihin at pagmonitor lang ang ginawa (katulad ng ginagawa ng Department of Trade and Industry sa Pilipinas). Ang dinisempleyo sa resesyon noong 1990-92 ay mas malala kaysa sa disempleyo sa naunang resesyon sa Australia noong 1982-83. Ang “social welfare” ay mas kumitid, ang karapatan sa libreng edukasyon sa kolehiyo na naipanalo noong dekada '70 ay nabura, ang serbisyo sa kalusugan ay naging mas magastos. Mas masahol pa, ang kilusang unyon ay gumanap ng papel bilang tagapagtiyak sa kapayapaang industriyal at pagpigil sa sahod na nagresulta sa pagkaka-uk-ok sa tradisyon ng militante at independyenteng unyonismo sa Australia. Lalabas na kauna-unawa ang pahayag ni Castillo kung titingnan sa konteksto na ito ay akmang-akma sa disensyo ng rehimen ng US-Ramos na gawing pansuhay ang dilawang unyonismo sa anti-manggagawa, anti-mamamayan at pro-imperyalistang programang “Philippines 2000”.

Marami ring bagay ang lumililaw sa mga pananalitang binibitawan ng mga grupo ng pangkating Popoy.

Upang bigyang-matwid ang kanilang pakikipagkaisa sa mga kilalang taksil sa uring manggagawa, inuulit ng BMP at ng huwad na “ABB” ang linya ng mga rekaysunaryo na ang ugat diumano ng pagkakakahati-hati ng kilusang manggagawa at kawalan ng kapayapaang industriyal ay ang “inter-union rivalries (kumpetisyon sa pagitan ng mga unyon).” Nakalimutan na o sadyang isinaisantabi na ng pangkating Popoy, na maingay na nagpapanggap na Leninista, ang sinabi ni Lenin. Ayon kay Lenin, ang pagkakakahati-hati ng kilusang manggagawa ay mauugat sa pag-iral ng aristokrasya sa paggawa na nilikha at tinutustusan ng imperyalismo mula sa dinambong nitong “superprofits” upang manabotahe sa kilusang manggagawa. Ayon naman kay Juan Liwanag, tagapangulo ng Reovlutionary Council of Trade Unions (RCTU), mapanlinlang at demagohiko ang panawagan ng pangkating Popoy sa pagkakaisa dahil, aniya, ang pagpapalakas sa kilusang manggagawa ya hindi makakamit sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga subok nang mananabotahe sa kilusang manggagawa kundi sa paglalantad at paghihiwalay sa kanila sa hanay ng masang manggagawa.

Ipinahayag pa ni Castillo na hindi raw dapat buong-buong gubyerno tulad ng CALABARZON dahil behikulo ito sa industriyalisasyon at kung gayon ay pabor sa manggagawa at sa pakikibaka ng manggagawa para sa sosyalismo. Sa pilipit na pag-iingles, mahusay na nailililaw ni Castillo ang “bagong” linya ng pangkating Popoy: “Ang BMP, if possible, we want our country to be develop (sic) to full capitalism as possible. It is in only full capitalist country or in advance (sic) capitalist countries tat socialist revolution can be possible (Ang BMP, hanggang maaari, ay gusto naming umunlad ang bansa tungo sa ganap na kapitalismo. Sa isang bansang ganap na kapitalista o sa mga abanteng bansa lamang possible ang sosyalistang rebolusyon).”

Tunay, Palaban, Makabayan

Ang pagbubuo ng KMU noong 1980 ay nagmarka ng isang antas ng pagkokonsolida ng pakikibaka ng manggagawa noong dekada '70 – ang mapangahas na mga welga ng manggagawa noong kalagitnaan ng dekada '70 sa punong lunsod ang bumasag sa lagim ng Martial Law sa hanay ng masa sa kalunsuran. Mula sa kanyang pagkakabuo, ang KMU ay tumayong matatag na sentro para sa pang-ekonomya at pampulitikang mga pakikibaka ng uring manggagawa. Ito ay nagsilbing maniningning na tanglaw na humimok at nagtipon ng daan-libong manggagawa upang makibaka para sa mga kahilingan ng uri at ng buong sambayanan. Sa KMU nakilala ng masang manggagawa at sambayanan ang mga katagang TUNAY, PALABAN, MAKABAYAN. Sa malawak na kilusang manggagawa, dapat lang panatilihin ng KMU ang kanyang papel bilang progresibong tanglaw na hahatak sa daan-libo pang manggagawang kinukontrol, minamanipula at nilililaw ng mga reaksyunaryo, repormista, dilawan, kanin-isdang mga huwad na lider at aristokrata sa paggawa.

Sa pahayag nito sa Araw ng Manggagawa, mariing binatikos ng KMU ang anti-manggagawa, anti-mamamayan at pro-imperyalistang programang “Philippines 2000” ng rehimeng US-Ramos at ang makauring pakikipagkolaboreyt ng mga “bagong dilawan” sa kanilang pagsuporta sa huwad na program ang rehimen.

Sinabi pa ng KMU:

“Taliwas sa sinasabi ng mga oportunista na ‘luma na’ ang pambansa-demokratikong rebolusyon, nananatiling tumpak ito.”

“Hindi lalaya ang manggagawang Pilipino kung hindi palalayain ang masang magbubukid at sambayanan. Hindi lalaya ang masang Pilipino kung hindi makikibaka laban sa imperyalismo. Pyudalismo at burukrata-kapitalismo.”

Rebolusyonaryong Kilusang Manggagawa

Sa pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas, inilatag ng PKP ang kasalukuyang kalagayan, ang mga bagong hamon at ang mga tungkulin ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa Pilipinas.

Minaliit ng PKP ang programang “Philippines 2000” bilang isang “huwad na pormula sa kaunlaran na naglilingkod lamang sa interes ng mga imperyalista at local na reaksyunaryong naghaharing-uri.” Inilantad din ng PKP ang pakana ng rehimen na sugpuin ang militanteng kilusang manggagawa sa pamamagitan ng “malawak na operasyong sikolohikal upan glinlangin at hatiin ang masang manggagawasa pamamagitan ng diumanong pag-iral ng ‘ikatlong pwersa’ at opensiba ng repormismo.” Ayon sa PKP, minomobilisa para ditto ang mga dating dilawan tulad ng TUCP, FFW, AAFLI, mga repormistang organisasyong petiburges at ang mga anti-komunistang oportunistang taksil na naglalako ng linyang makauring kolaborasyon at repormismo.

Ngunit ayon sa PKP ang kabuuang sitwasyon sa bansa at sa kilusang manggagawa ay paborable sa puspusang paggapapi sa oportunistang pananabotahe at panghahati, at sa pagpupunyagi sa rebolusyonaryong linya. Ang napakalalim na krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ay walang tigil na lumilikha ng kalagayang napakainam sa rebolusyon.

Ayon sa PKP, ang mga tungkulin ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay ang sumusunod: (1) pagbubuklod ng masang manggagawa sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan; (2) pagpapalaganap ng MLKMZ sa hanay ng masang manggagawa; (3) pagpapalawak at pagpapalalim ng rebolusyonaryong kilusang lihim sa hanay ng masang manggagawa; (4) pagpapasigla sa militanteng unyonismo at pakikibaka para sa mas mabuting kalagayan sa pamumuhay at paggawa ng masang manggagawa; (5) tuwiran at di-tuwirang pagsuporta sa armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan; (6) pakikipagkaisa sa iba pang pinagsasamantalang uri at sektor sa pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya; at (7) pagtataguyod sa proletaryong internasyunalismo sa pamamagitan ng pakikipagkaisa sa mga

proletaryong partido at iba pang mga pwersang anti-imperyalista at demokratiko sa ibang bayan. – **AB**

Timog Katagalugan: Umaani ng Tagumpay

“Naging isang kilusang masa na ang pagsusulong ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.”

Ito ang masiglang pahayag ng Panrehiyong Komite ng Partido sa Timog Katagalugan matapos ang matagumpay na pagdaraos ng kumperensya nito noong Agosto.

Ayon sa pagtatasang ginawa ng komite, napagkaisa di lamang ang mga namumunong kadre ng Partido sa rehiyon sa mga pangunahing dokumento ng ika-10 plenum ng Komite Sentral (KS) nasa batayang antas na ngayon ang mga nasabing pag-aaral. Malugod na tumugon ang lahat ng mga yunit ng organo ng Partido sa rehiyon sa panawagan ng KS na ilunsad ang kilusang pag-aaral at pagwawasto sa nagging malalaking pagkakamali nitong nakaraang dekada at muling ilagay sa wastong landas ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Bukod sa pag-aaral sa mga batayang dokumento ng ika-10 plenum, sinikap ng rehiyon na tukuyin ang nagging paritkular na manipestasyon ng mga kamaliang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon sa Timog Katagalugan. Batay rito, maraming mga tagumpay ang nakamit sa halos isa't kalahating taong pagsusulong ng kilusang pagwawasto.

Natukoy sa kilusang manggagawa ang ampiyas ng insureksyunismong lunsod sa kalagayang nagging mahigpit ang ugyanayan sa mga yunit sa kilusang paggawa na nakabase sa Kamaynilaan. Ayon sa pagtatasa ng rehiyon. Tumagos din ang pagkakamaling ito sa nagging pangkalahatang takbo ng rebolusyonaryong kilusang masa sa Timog Katagalugan.

Naihanay rin ang tendensyang populismo at repormismo sa dinalang oryentasyon ng kilusang mangingisda na nagsasaad na ang kilusang ito ay isang *distinct* at *multi-class* na sektoral na kilusan. Pinagtibay na ang kilusang mangingisda ay isa lamang subsektor o ispesyal na grupo at integral na bahagi ng kilusang magbubukid.

Dagdag pa, nagbalangkas ang rehiyon ng ispesyal na kurso para maarmasan ang mga kadre at kasapi ng Partido sa katangian at nilalaman ng repormistang September Theses ng dating National Peasant Secretariat (NPS). Sa ilalim ng bangkaroteng linya ng NPS, labis na binigyang diin ang matitinding porma ng pakikibaka (tulad ng mga pag-aaklas ng magbubukid) batay lamang sa mga napakataktikal at ekonomistang linya at panawagan. Muling inilalagay sa wastong landas ang kilusang magbubukid alinsunod sa mga batayang prinsipyo ng demokratikong rebolusyong bayan at ng Rebolusyonaryong Gabaya sa Reporma sa Lupa.

Bukod rito, ang mga larangang gerilya ng Timog Katagalugan ay nagging takbuhan din ng mga naguluhang kadre at kasapi ng Partido mula sa dating Komiteng Rehiyon sa Maynila-Rizal. Nakipagtalakayan sa kanila ang ilang namumunong kadre sa rehiyon upang paliwanagan ang mga nasabing kasama

hinggil sa kilusang pagwawasto. Hinikayat silang itakwil ang rehimen ng *petty gangster clique* ni Felimon Lagman at muing pumaloob sa mga lehitimong yunit ng Partido sa pamumuno ng Komite Sentral.

Matagumpay na nilabanan ng rehiyon ang paksyunalismo, isplitismo at likidasyunismong inilalako ng mga kontra. Ayon sa pagtatasa nito, nasa mahusay na pusisyon na ang Partido sa Timog Katagalugan upang harapin ang hamon ng pagsusulong ng mga mayor na linya ng gawain.

Sa ngayon, nakapagtala na ng mas malaking bilang ng organisadong masa at saligang organisasyong masa at saligang organisasyong masa sa tatlong larangang gerilya sa rehiyon. Susi rito ang pagkatukals ng iba't ibang pamamaraan ng pag-oorganisa at pagpapakilos sa masang magbubukid sa mas angkop, praktikal at lapat sa suliranin at partikularidad ng kasalukuyang kalagayan. Sa Mindoro, halimbawa, matagumpay na isinusulong ang rebolusyong agraryong umaayon sa katangian ng masang Mangyan bilang mga katutubo.

Malaki rin ang naiambag ng masiglang hayag na kilusang magbubukid na nagdadala ng wastong pampulitikang oryentasyon. Sa maraming erya, nangunguna sila sa paglulunsad ng mga pagpapakilos sa masang magbubukid sa balangkas ng kilusang anti-pyudal na tumutuligsa sa hungkad na batas para sa reporma sa lupa ng reaksyunaryong gubyrerno at nagpapalaganap ng programa sa tunay na repormang agraryo.

Dahil sa ganitong mahusay na pagkukumbina, naitala ang signipikanteng pag-unlad sa gawaig rekoberi sa mga lugar na, sa iba't ibang kadahilanan, ay naiwanan ng mga yunit sa gawaing masa.

Upang malutas ang malalakit at mabibigat na mga suliranin sa kilusang masa at pagtatayo ng base sa kanayunan, kinilala ng komite ang pangangailangang isulong ang kilusang pagwawasto sa komprehensibong paraan. "Ang pagpapalalim at pagpapalawak (ng kilusang pagwawasto)," anang komite, "ang magtitiyak namatatamo natin ang ibayong konsolidasyon ng rebolusyonaryong kilusang masa na siyang magluluwal ng mga rebolusyonaryong tagumpay sa kanayunan."

Bilang pagtatapos, idiniin ng komite na "ang mga tagumpay ng kilusang pagwawasto ay dapat maisalin sa igpaw sa pangkalahatang kalidad ng regular na gawain sa ideolohiya at edukasyon ng Partido, sa panibagong paglawak at paglakas ng basing masa, sa paglawak ng nagkakaisang prente at pagsigla ng mga pakikibakang masa at pakikidigmang gerilya." – **AB**

Negros: Sumusulong ang Gawaing Rekoberi

Unti-unti nang nagbubunga ang pagpapakat ng mga panlabang yunti ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa gawaing masa.

Sa Negros, matagumpay ang pagbawi ng mga yunit ng BHB sa kanilang basing masa at nakapagpalawak pa sila nang iwinasto nila ang dating oryentasyong lantay military.

Ayon kay Ka Dandan, kumander ng unang yunit ng BHB sa Negros na naghayag ng katapatan sa lehitimong sentral na pamunuan ng Partido, maraming organisasyong masa ang muling napagana ng mga Pulang mandirigma sa kanilang saklaw na erya at naabot pa nila ang ilang lugar na hindi pa nila dating napupuntahan.

Mismong mga baryong lumaban sa BHB dahil sa mga dating pagmamalabis ng mga gerilya ay bukas nang muli sa rebolusyonaryong kilusan, ani Ka Dandan. Paliwanag niya, sa nakaraan ay naggagawad ng parusa ang BHB sa mga itinuturing nitong kaaway kahit walang sapat na batayan. “Simpleng pagsapi sa Alsa Masa,” aniya, “ay batayan na para magawaran ng parusang kamatayan kahit walang malalim na pagsisiyasat sa dahilan ng pagsapi.” Binanggit rin niya na ang pagreyd ng BHB sa isang baryo sa Negros Oriental dahil maraming naninirahan doon na sumapi sa mga panatikong sekta. Isang buong pamilya ang pinaslang ng mga gerilya at nangumpiska rin sila ng mahigit isang daang alagang hayop ng masa. Sahalip na makapigil ito sa mga taumbaryo, natakot at nagalit ang masa sa BHB. Dumami pang lalo ang nag-CAFGU at nagging panatikong anti-komunista.

Subalit noong Marso 29, nang magtipun-tipon sa isang larangang gerilya ang mga kadre, mandirigma, aktibista at masang tagasuporta para ipagdiwang ang ika-25 anibersaryo ng pagkakatatag ng BHB, nagpuna-sa-sarili ang mga Pulang mandirigma. Ang mga pagkakamaling iyon, anila, ay maiuugat sa maling linyang naghahabol ng maagap na tagumpay ngunit nagbunga lamang ng paglalayo ng rebolusyonaryong kilusan sa masa.

Kinumpirma ng mga taumbaryong nagsidalo na matagumpay nga ang mga Pulang mandirigmang nagpapatupad sa kilusang pagwawasto sa pagbawi sa kanilang nawalang basing masa. Dagdag ng masa: “Habang taglay nila ang disiplinang ipinamamalas nila ngayon, mabilis na makakabawi ang kilusan sa Negros.”

Sa kabilang banda, laganap ang demoralisasyon sa hanay ng mga dating gerilyang sumanib sa humiwalay na paksyon ni Arturo Tabara. Sa kanyang talumpati sa naganap na anibersaryo, sinabi ni Diego Dagohoy, pinuno ng Probisyunal na Komiteng Tagapagpaganap sa Negros, na ang sunud-sunod na pagsuko at pagkahuli ng mga paksyunaistang kumander ay bunga ng kanilang pagka-dismoral sa bangkaroteng linya ng kapitulasyunismo, parlamentarismo at likidasyunismo na inilalako ng pangkating Tabara. Aniya, pakitang-tao lamang ng mga paksyunalista ang pagmamantina ng mga armadong grupo – para linlangin ang masa na rebolusyonaryo pa rin sila kahit malaon na nilang tinalikuran ang kilusan. Subalit dahil sa pagtakas ng marami nilang mga kumander, ani Dagohoy, di magtatagal at magiging mga rebeldeng lagalag na lang sila, na lubos na hiwalay sa masa. – **AB**

Pagkakanulo sa El Salvador

“Ayer, Nicaragua. Mañana, El Salvador!” (Kahapon, Nicaragua. Bukas, El Salvador!) Matapos ang nakakagulat na tagumpay ng Sandinista Front for National Liberation (FSLN) sa Nicaragua noong 1979, inilunsad ng Farbundo

Marti Frong for National Liberation (FMLN) ang sarili nilang “pangkalahatang insureksyon” noong 1981 sa pag-asang mauulit nila sa El Salvador ang nagawa ng mga Sandinista sa Nicaragua. Nabigo ang FMLN.

Di nagtagal, ang FSLN ay napatalsik sa poder ng mga tradisyunal na naghaharing-uri sa pamamagitan ng tinaguriang Kasunduang Pangkapayapaan ng Chapultepec, at lumantad at lumahok sa pangkahalahtang eleksyon noong Marso kung saan tinalo sila ng ARENA, ang partidong dulong-kanan ng malalaking asendero at kumprador.

Saan Nagkamali?

Karamihan sa grupo ng Kaliwa sa El Salvador liban sa Partido Komunista ay lumitaw noong maligalig na dekadang '70. bumabangon ang kilusang masa. Ang Simbahan ay naging aktibo sa pag-oorganisa ng mga magsasaka sa Basic Christian Communities (BCC). Itinayo ang mga sentro sa pag-oorganisa ng mga manggagawa. Ang mga kabataan at istudyante ay aktibo sa pag-oorganisa at pakikibakang masa. Sinagot ng guberno ng marahas na panunupil ang mga panawagan para sa reporma. Subalit nabigong supilin ang mga masaker at asasinasyon ang paglakas ng kilusang masa.

Sinimulan ang armadong pakikibaka noong maagang bahagi ng dekada '70 upang ibagsak ang huntang dominado ng militar at itransporma ang lipunan. Lalong pinalakas ang suporta para sa armadong pakikibaka ng marahas na panunupil sa kalunsuran.

Sa pagtatapos ng dekada '70, limang pormasyong pulitiko-militar ang nabuo na nagsanib noong Oktubre 1980 upang maitayo ang FMLN: FPL (Fuerzas Populares de Liberacion)/FAPL, RN (Resistencia Nacional)/FARN, PRS (Partido de la Revolucion Salvadoreña)/ERP, PCS (Partido Comunista Salvadoreño)/FAL, at PRTC (Partido Revolucionario de los Trabajadores Centro-americanos)/FAR-LP.

Noong Disyembre 1981, inilunsad ng FMLN ang kanilang “Pangwakas na Opensiba,” isang insureksyong tipong-Nicaragua na pinangunahan ng maliit pang hukbong gerilya. Nabigo ang insureksyon.

Hindi naunawaan ng FMLN na ang mabilisang tagumpay na nakamit ng FSLN ay bunga ng eksepsiyunal na mga sirkunstansya. Sukdulan ang pagkakabukod ng diktadurang Somoza sa loob at labas ng bayan, at napigilan ang US na masagip ang kanyang inalagaang papet. Tali noon ang kamay ng US dahil sa malawak na sentimyentong anti-interbensyon ng US bunga ng pagkatalo sa Byetnam at malakas din ang pandaigdigang presyur laban sa interbensyon. Dahil dito, mabilis na gumuho ang diktadurang Somoza.

Sa halip na hakbang-hakbang na mag-ipon ng lakas at sumulong nang paalun-alon, tinangka ng FMLN na maagaw ang mabilisang tagumpay laban sa isang kaaway na hindi pa lubos na napapahina. Natuto na rin ang US sa kanyang karanasan sa Nicaragua at derminado itong huwag nanang payagang mauulit pa. Itinulak nito ang pagdaraos ng eleksyon upang maakit ang disgustadong mga seksyon ng naghaharing-uri, at mas mahalaga, binuhusan nito ng ayuda par amapalakas ang reaksiyunaryong hukbo.

Pagkatapos ng kabiguang ito, nagbago ng direksyon ang FMLN sa pamamagitan ng mabilisang pagbubuo ng malalaking pormasyon upang makihamok sa kumbensyunal at di-kumbensyunal na pakikidigma. Sa panahong ito, ang organisadong baseng masa nila ay nasa liblib na mga bahagi ng hilaga at silangan ng bayan. Sa tulong ng US, naglunsad ang gubyerno ng pangkalahatang opensiba sa mga tukoy na base ng FMLN. Muling bumara ang estratehiya ng FMLN.

Mula sa “kaliwang” pagkakamali na naghahabol ng mabilisang tagumpay militar sa pamamagitan ng insureksyong tipong Nicaragua at adelantadong pakikidigmang regular, bumaling naman ito pakanan. Noong 1984, sinimulan ng FMLN ang pagpihit sa estratehiya kung saan ang kanyang armadong pakikibaka ay pinaglilingkod sa paghahanap ng mapayapang solusyon sa gera sibil.

Liko Pakanan: Landas ng Pagkakanulo

Nakipag-usap ang FMLN una sa rehimeng Christian-Democratic ni Duarte at pagkatapos sa rehimeng ARENA ni Christiani. Noong 16 Enero 1992, pinirmahan ang Kasunduang Pangkapayapaan ng Chapultepec sa Mexico. Isinasaad sa kasunduan na kapalit ng pagpapahintulot sa FMLN na makakilos sa arenang ligal at makalahok sa pangkalahatang eleksyon sa 1994 ay magsasalong ito ng armas at bubuwagin ang hukbong gerilya. Kasabay ng demobilisasyon ng mga pwersang gerilya ay babawasan ang laki ng reaksyunaryong hukbo. Sa partikular, bubuwagin ang limang kinasusuklamang batalyon na binuo at sinanay ng US. Gayundin, papalitan ang burtal na Policia Nacional at Policia de Hacienda ng isang “independyenteng” Policia Nacional Civil (PCN) na bubuuin ng 20 porsyento ng mga dating gerilya.

May itatayong Truth Commission sa ilalim ng superbisyon ng United Nations na mag-iimbestiga sa mga paglabag sa karapatang tao.

Isang napakalimitadong programa sa pamamahagi ng lupa ang nakasaad sa kasunduan. Ito ay nakadiseno para lamang mapadulas ang integrasyon sa buhay sibilyan ng mga gerilya at sundalong maaapektuhan ng demobilisasyon. Walang kongkretong mga probisyon sa mga repormang sosyo-ekonomiko liban sa magbubuo ng isang Forum for Economic and Social Cooperation. Ang mga panukalang lilitaw mula sa porum na ito ay irerekomenda para aksyunan ng Asembleyang Lehislatibo. (Sa eleksyon noong Marso 1994, malaking mayorya ng puwesto sa asembleyang ito ang nakuha ng dulong-kanan na ARENA.)

Sa esensya, ang kasunduan ay nagbigay-daan lamang para sa pagsuko at pagliligalisa ng FMLN habang nananatiling bitin at di-resolbado ang mahahalagang isyung sosyo-ekonomiko na siyang ugat ng armadong labanan. Paulit-ulit na sinabotahe ng rehimeng ARENA ang kasunduan at ipinagpaliban ang implementasyon ng mahahalagang probisyon.

Habang maagap na naipatupad ang demobilisasyon ng mahigit 8,000 gerilya noong Disyembre 1992, dalawang buwan pa ang lumipas bago naipatupad ang pagbabawas ng reaksyunaryong hukbo sa partikular ang pagbubuwag ng limang batalyon.

Natuklasan ng Truth Commission na 95% ng mga paglabag sa karapatang tao ay kagagawan ng reaksiyunaryong pwersa armada. Napatunayang sangkot sa mga paglabag ang Ministro at Bise-Ministro ng Depensa pero makalipas ang limang araw ay nagpasa ang parlamento ng isang batas sa amnestiya na nagpapatawad sa mga nagkasala. Marami rin sa mga upisyal militar na sangkot sa mga paglabag ay nilipat lamang sa itinatayong Policia Nacional Civil. Mula nang mapirmahan ang kasunduan, 10% pa lamang ng alimitado nang pamamahagi ng lupa ang naipapatupad. Nilulutas nito ang wala pa sa 1% ng kabuuang problema sa lupa.

Mula nang ito'y lumantad, 25 myembro at lider ng FMLN kasama na ang isang kandidato para sa Asamblea Lehislatibo ang napapasylang ng mga maka-kanang *death squad*.

Nananatili ang bayan bilang isang semi-kolonya ng imperyalismong US salamat sa tulong ng FMLN. Mga upisyal sa pulisya ng US, España at Chile ang namamahala sa pagsasanay ng bagong pulisya. Ang USAID, na dating aktibo sa kontra-insureksyon, ang nagbibigay ng treyning sa mga dating medikong gerilya. Anumang tagumpay ng rebolusyon at ng masa na pinagbuwisan ng buhay at winaldas ng FMLN. Nananatiling nakatayo ang mga mapagsamantala at mapang-aping istrukturang sosyo-ekonomiko. Sa pagkakabuwag ng rebolusyonaryong hukbo, walang anumang depensa ang masang Salvadoreño sa pamamayagpag ng imperyalismong US at ng mga lokal na reaksiyunaryo.

Ganap na Pagbaligtad

Samantala, tuluy-tuloy na ang pagdausdos ng FMLN sa ganap na pagkabangkarote sa ideolohiya at pulitika. Upang bigyang matwid ang kanilang pagkakanulo sa rebolusyon at pakikipagsabwatan sa mga naghaharing-uri, inuulit nila ang mga gasgas na teorya ng mga sinaunang rebisyunista na pinalilitaw nilang bago at diumano'y "mas angkop sa modernong mundo."

"Di natin dapat ituring ang pribadong negosyo bilang produkto ni Satanas, ng demonyo, o ng ating kaaway sa ideolohiya (...) Ang estado, ang gubyrno ay tagapagsaayos ng iba't ibang interes."

"Ngayon ay panayon ng pagkakasundo sa pagitan ng mga sektor na dati'y antagonistiko pero ngayo'y nagsisikap para sa intersektoral na kooperasyon."

"Dapat igalang ng FMLN at ng Kaliwa sa kabuuan ang lehitimong mga interes ng sektor sa negosyo at paunlarin ang kooperasyon upang mapangibabawan, o di kaya'y mapanghawakan, ang kontradiksyon sa pagitan ng mga sektor, para sa kapakanan ng demorkasya, istabilidad at kapayapaang panlipunan."

"Iba na ang FMLN ng 1993 sa FMLN noong gera. Tayo'y partidong pampulitika na, (...) na sa punto da bista ng interes ng nakararami, ay dapat matutong makitungo at makipagkasundo sa ibang sentro ng kapangyarihan, sa kapital, sa Pwersa Armada, sa mga partidong pampulitika, sa US at sa pandaigdigang komunidad."

Ang US na kamakailan lamang ay kaaway ng mamamayan ay biglang naging alyado at "tagagarantiya ng kapayapan." Bakit nga hindi gagarantiyahan ng US

ang isang “kapayapaang” makaisang-panig na pabor sa mga mapagsamantala at mapang-api?

At kasama sa korus ng mga imperyalista at lahat ng reaksyunaryo sa buong mundo, kanilang ibinabando ang pagkamatay ng Marxismo-Leninismo bilang ideolohiya na pinaglipasan na ng panahon.

“Ang ideolohiya ng Marxismo o komunismo, na nagbalangkas ng estratehiya para sa Europa, ay naglaho na. Tayong mga latino, huwag nating sukatin ang ating sarili ng ganoong ideolohiya at praktika. (...) Gumuho na ang saradong sistemang pang-ekonomya ng sosyalismo na parang mga bahay na baraha.”

Ano naman ang kanilang pamalit sa Marxismo-Leninismo?

Pinakamahusay na ideolohiya para sa mamamayan ang pluralistang ideolohiya dahil wala itong ipinupwerang anumang sektor o interes panlipunan. Itinatakwil ng modernong mundo ang lahat ng klase ng sektaryanismo at panatisismong ideolohikal.”

Malayo na nga ang nararating ng FMLN. Kaya lang PAATRAS. – **AB**